JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhawahunon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


Zest for Progress
Zeal of Partnership

3

# Filipino

## Ikalawang Markahan- Modyul 2
## Pagpayaman ng Talasalitaan sa Pagbuo ng mga Salita



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Pagpayaman ng Talasalitaan sa Pamamagitan ng Magkasing-kahulugan at Magkasalungat na mga Salita, Pagbuo ng mga Bagong Salita mula sa Salitang-ugat, at Paghanap ng Maiikling Salita sa Loob ng Isang Mahabang Salita**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Editha P. Camino | |
| **Editor:** | Arnie P. Taclap | |
| **Tagalapat:** | Jessa Rose D. Ajero | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI | - Schools Division Superintendent |
| | Lourma I. Poculan | - Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | - Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | - Chief, Education Supervisor SGOD |
| | Riela Angela C. Josol | - Education Program Supervisor- Filipino |
| | Bernie P. Laranjo | - Public Schools District Supervisor |
| | Ronillo S. Yarag | - Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | - Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.



## Alamin

Magandang umaga?
Binabati kita sa pagtatagumpay mo sa naunang gawain!

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

**Mga Pamantayan sa Pagkatuto**

- Natutukoy ang mga salitang magkasingkahulugan at magkasalungat ang kahulugan. **(F3PT-Ij-2.3)**
- Nakakapagbuo ng salita mula sa salitang –ugat. **( F3 PT IIh-2.3 )**
- Nahahanap ang maikling salita mula sa loob ng mahabang salita.
  **( F3PT –IV af-2.2 )**

| Aralin 12 | |
|---|---|
| | • **Salitang magkasingkahulugan at magkasalungat.**<br>• **Pagbuo ng bagong salita mula sa salitang –ugat**<br>• **Paghanap ng maiikling salita sa loob ng mahabang salita.** |



### *Tuklasin*

Ang mga salita ay maaring pangkatin kung sila ay magkaugnay. Maaring magkaugnay ang mga salita sa pamamagitan bilang ng pantig, at kahulugan.

## Panuto sa Mag-aaral:

Basahin ang mga salita sa loob ng kahon.

Tahimik-maingay
Mahaba-matangkad
Mahina-mabagal
Payat-mataba
Malayo-malapit

1. Ano ang napapansin ninyo sa pagpapangkat-pangkat ng mga salita?
   Sagot:_______________________________________________



## *Suriin*

Ang mga salitang **magkasingkahulugan** ay mga salitang magkatulad ang kahulugan o pareho ang ibig sabihin.

Hal.




https://www.pinterest.ph/pin/726486983616093297/

Ang **magkasalungat** naman ay salitang kabaligtaran ng isang salita.

Hal.




**https://www.pinterest.ph/belledette0603/salitang magkasalungat/**

Madaling malaman ang kahulugan ng isang salita kung alam natin ang salitang ugat na mayroon ito.Ang salitang ugat ay ang pangunahing bahagi ng salita, at mula rito nabubuo ang iba pang salita.

Halimbawa:

| Salita | Salitang - ugat | Panlapi |
|---|---|---|
| sumayaw | sayaw | *um* |
| gumalaw | galaw | *um* |
| naglakad | lakad | *nag* |
| madilim | dilim | *ma* |
| burahin | bura | *hin* |
| gandahan | ganda | *han* |

Ang mga **mahahabang salita** ay karaniwang may napapaloob na maikling salita .

Tulad halimbawa:

masayahin - saya, masa, maya

kagandahan - ganda, aga

mayaman - maya, ama, yaman

Mahalaga ang gamit ng mga panlaping ikinabit sa unahan, gitna o hulihan ng salitang-ugat upang mabuo ang bagong salita.

## ***Pagyamanin***

***Gawain A:***

Mag-aaral: Lagyan ng ( / ) tsek ang patlang kung ang magka pares na salita ay magkasingkahulugan at(X) ekis naman kapag ito ay magkasalungat.

______1. matamis - mapait
______2. malayo - malapit
______3. payapa - magulo
______4. maganda - marikit
______5. masaya - maligaya

***Gawain B:***

Sina Ben at Ken ay kambal ngunit lagi silang magkasalungat sa damdamin , anyo at ugali.

**Panuto:** Isulat sa patlang ang kasalungat ng salitang may salungguhit sa bawat pangungusap.

Si Jack ay mataba ngunit si Ken ay ________.

Ang bag ni Ben ay ________ pero magaan ang bag ni Ken.

Kung si Ben ay________, si Ken naman ay masaya.

Kapag mabilis sumulat si Ben, ________ naman sumulat si Ken.

Kung tamad si Ben, _______ naman si Ken.

***Gawain C:***

**Panuto:** Isulat ang salitang- ugat sa sumusunod na salita 1-3. Hanapin ang maiikling salita na napapaloob sa mahabang salita mula bilang 4-5.

1. magiliw - _________
2. burahin - _________
3. umakyat - _________
4. tindahan - _________
5. matamis - _________

***Gawain D:***

**Panuto:** Dalawa sa tatlong salita sa bawat bilang ay magkasingkahulugan. Salungguhitan ang salita na kasalungat sa dalawang salita sa bawat bilang.

| | | |
|---|---|---|
| 1. bukod-tangi | ordinaryo | karaniwan |
| 2. malamig | maginaw | mainit |
| 3. matalas | matalim | mapurol |
| 4. maralita | mayaman | mahirap |
| 5. mapagbigay | maramot | sakim |

***Gawain E:***

**Panuto:** Isulat sa patlang ang salitang-ugat ng bawat salita.

6. simbahan ________________
7. kalaro ________________
8. inawit ________________
9. sumayaw ________________
10. kumain ________________

## *Isaisip*

Ang mga mahahalagang bagay na dapat tandaan:

- Ang mga salitang magkasingkahulugan ay mga salitang magkatulad ang kahulugan o pareho ang ibig sabihin.
- Ang magkasalungat naman ay salitang kabaligtaran ang kahulugan ng mga salita.
- Ang mga mahahabang salita ay karaniwang may napapaloob na maikling salita .

## *Tayahin*

**Panuto:** Basahin at unawain. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa ibaba ang salitang magkasalungat?
   a. mataba-payat　　c. bata-musmos
   b. tuwa-galak　　d. away-laban
2. Alin sa mga sumusunod ang salitang magkasingkahulugan?
   a. masaya-malungkot　　c. maganda-marikit
   b. mabilis-mabagal　　d. makapal-manipis
3. Anong salita ang mabubuo sa salitang-ugat na <u>*ganda*</u>?
   a. Marikit　b. magitin　c. malakas　d. maganda
4. Alin ang pinaikling salita na napapaloob sa salitang *mataba*?
   a. Haba　b. taba　c. kaba　d. baba
5. Kung ang makapal ay manipis ang kasalungat ng marumi ay?
   a. Marami　b. madumi　c. malinis　d. mabango

## **Karagdagang Gawain :**

**Panuto:** Sumulat ng tatlong pares salitang magkasingkahulugan at dalawa namang pares na salita na magkasalungat ang kanilang kahulugan.

| Magkasingkahulugan | Magkasalungat ang kahulugan |
|---|---|
| 1. ____________, ____________ | 1. ____________, ____________ |
| 2.____________, ____________ | 2.____________, ____________ |
| 3. ____________, ____________ | 3. ____________, ____________ |

## *Susi sa Pagwawasto*

Pagyamanin :

| A. | B. | C. |
|---|---|---|
| 1. X | 1. payat | 1. giliw |
| 2. X | 2. mabigat | 2. bura |
| 3. X | 3. malungkot | 3. akyat |
| 4. / | 4. mahina | 4. tinda |
| 5. / | 5. masipag | 5. tamis |

| D. | E. | **Pagtataya** |
|---|---|---|
| 1 . bukod-tangi | 6. simba | 1. a |
| 2 . mainit | 7. laro | 2. c |
| 3 . mapurol | 8. awit | 3. d |
| 4 . mayaman | 9. sayaw | 4. b |
| 5.mapagbigay | 10. kain | 5. c |

## *Sanggunian*


Google

**https://www.pinterest.ph/belledette0603/salitang-magkasalungat/**

https://www.pinterest.ph/pin/726486983616093297/

**MELCs**